# Tsikang Kabaklaan sa Disaster: Kuwento at Danas ng mga Bakla sa Panahon ng Disaster sa Aroma Temporary Housing, Brgy. 105, Tondo, Maynila

**Louis Justin "Kahel" J. Rebadolla**

## ABSTRAK

Patuloy na umuunlad ang mga pananaliksik at pagkilala sa mga bakla sa Pilipinas; mayroon ng mga pag-aaral tungkol sa kanilang kalusugan, pangangailangan, pag-oorganisa, karapatan, at iba pa, ngunit kaunti ang pananaliksik sa kanilang karanasan sa panahon ng disaster at sa pangangasiwa nito. Ang pag-aaral na ito ay magpapatampok ng mga kuwento at danas ng mga bakla mula sa Aroma Temporary Housing, Brgy. 105, Tondo, Maynila sa nangyaring sunog noong Abril 2020. Ang kanilang mga kuwento at danas ay nakuha sa pamamagitan ng pakikipag-tsikahan. Ilalahad ang mga tsika sa pag-angkla sa apat na aspeto ng pangangasiwa ng disaster—mitigasyon, paghahanda, pagtugon, at pagbangon at ito ay susuriin sa pamamagitan ng *intersectional analysis.* Lumalabas sa mga tsika ng mga bakla ng Aroma ang kanilang mga espisipikong karanasan at pangangailangan sa panahon ng disaster kasabay ng paghamon ng pag-aaral sa pag-unawa na ang disaster ay isang "great equalizer." Ipapakita ng pag-aaral na ito na ang mga tsika ng mga bakla ay mahalagang sangkap sa paglikha ng inklusibong pamamaraan at proseso sa pangangasiwa ng disaster na walang napag-iiwanan.

Keywords: *Disaster, Bakla, Karanasan, Pakikipag-tsikahan, Intersectional Analysis*

## Panimula

Ang Pilipinas ay kilala bilang isang bayang mapagtanggap sa mga bakla sa Asya (Chan, n.d.). Ngunit sa kabila nito, nagpapatuloy pa rin ang maraming porma ng diskriminasyon, pananamantala, at pang-aapi sa mga bakla sa lipunang Pilipino (Gutierrez, 2017). Lumalabas sa ilang pag-aaral na ang pagka-mayor ng rehiyong katoliko sa bansa (Abad, 2022) at pamamayani ng mga tradisyunal na sistema at perspektibong patriyarkal at macho-pyudal ang pangunahing dahilan ng pagpapatuloy ng diskriminasyon at pang-aapi sa mga bakla sa Pilipinas (Yarcia et al., 2019).

Kahit na tuloy-tuloy ang pamamayani ng mga atrasadong sistema at perspektibo, umuunlad naman ang mga saliksikan tungkol sa mga bakla sa Pilipinas upang tunggaliin ang mga ito. Ayon sa "Araling Kababaihan at Kasarian sa Araling Pilipino at Wikang Filipino" ni Kimuell-Gabriel (2017), dumami ang pag-aaral tungkol sa kabaklaan noong dekada 1990 para mabigyan ng boses at ipakita ang danas at pag-iral ng pakikibaka ng mga bakla. Ito ay nagsilbing paraan sa paglaban sa mga tradisyunal, patriyarkal, at heteronormatibong diskurso sa kasarian at sekswalidad. Sa kabila ng pagdami ng saliksik ukol sa mga bakla, kaunti naman ang pag-aaral sa karanasan ng mga bakla sa panahon ng disaster at pangangasiwa nito kahit na ang Pilipinas ay isang bansa sa mundo na lapitin at laging nakakaranas ng mga mapaminsalang disaster (ALNAP, 2010).

Nakatungtong ang pananaliksik na ito sa kakulangan ng mga pananaliksik ukol sa kuwento at danas ng mga bakla sa Pilipinas sa disaster. Kung kaya ang pag-aaral na ito ay naglalayong maipatampok ang espesipikong karanasan at pangangailangan ng mga bakla sa bawat aspeto ng pangangasiwa ng disaster. Kasabay nito ay ang pagtukoy ng kanilang bulnerabilidad na nagreresulta ng kanilang karanasang napag-iiwanan sa disaster. Mula sa kanilang mga tsika, maaaring makakuha ng magandang aral na magagamit sa paglikha ng

inklusibong proseso at pamamaraan sa pangangasiwa ng disaster ng walang napag-iiwanan. Para mailahad ang mga kuwento at danas ng mga bakla sa disaster, ang pag-aaral ay ginagabayan ng mga sumusunod na katanungan: Ano ang mga espisipikong karanasan na nagpag-iiwan ang mga bakla sa panahon ng disaster? Ano ang kanilang mga partikular na pangangailangan sa panahon ng disaster? At, ano-ano ang mga dahilan nito?

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga kuwento at danas ng mga bakla sa Aroma Temporary Housing sa Brgy. 105, Tondo, Maynila. Ang Aroma ay isa sa mga *temporary housing* units sa Tondo na nakapalibot sa mga *dump sites* at pier na binubuo ng samu't saring klase ng taong galing sa iba't ibang probinsya para makipagsapalaran tulad ng iba pang maralitang-pamayanan sa Metro Manila (Zasso, 2018). Ayon sa Asia Pacific Forum on Women, Law and Development APWLD (n.d.) itinayo ang temporary housing noong 1995 upang ilipat ang mga residente ng Smokey Mountain nang ito ay ipinasara. Tinawag itong "temporary" dahil balak ng gobyerno na ilipat ang mga residente sa mga *relocation sites* sa labas ng Maynila. Gayunpaman, hindi lahat ay inilipat sa mga relocation sites at may iba namang bumabalik sa mga temporary housing dahil sa kawalan ng kabuhayan at pagkakakitaan kung saan sila inilipat (APWLD, n.d.). Hindi naiiba ang karanasan ng mga taga-Aroma sa karanasan ng iba pang maralitang-pamayanan sa Metro Manila. Maliban sa hirap ng buhay at kanilang kalagayan sa pamayanan, madalas rin silang nakakaranas ng disaster sa pamayanan tulad ng sunog.

Noong Abril 18, 2020, sa kasagsagan ng COVID-19 pandemic, nagkaroon ng malaking sunog sa erya at naapektuhan ang mahigit 500 pamilya na naninirahan dito (San Juan, 2020). Iinog ang pag-aaral na ito sa karanasan ng mga bakla sa nangyaring sunog noong Abril 2020. Titingnan ng pag-aaral na ito ang kanilang karanasan, pati na rin ang mga repleksyon nila sa insidenteng ito. Magsisilbi ang tsikahan bilang pangunahing metodo ng pananaliksik. Ang *tsikahan* (o *chika*) ay mula sa Filipino gay language na ang ibig sabihin ay

impormal at maiikling kwentuhan. Sa wikang Ingles, malapit ang tsikahan sa salitang *chat*. Bukod dito ang tsikahan ay isa ring pagpapahiwatig ng personalidad at karakter na natatangi sa gay community sa Pilipinas; makikita ito sa bokabularyo na bumubuo sa *gay lingo*, na siya namang malimit na ginagamit sa tsikahan (Pamittan et al., 2017). Sa kasalukuyan, masasabi na ang salitang tsikahan ay laman na ng mainstream Filipino pop culture.

Ang pangunahing kontribusyon ng pag-aaral na ito ay nakasalalay sa pagpapatampok ng kuwento at karanasan ng mga bakla sa panahon ng disaster. Sa pamamagitan nito, hinahamon ng pag-aaral ang pag-unawa na ang disaster ay isang "great equalizer." Samakatwid, pinapakita ng pag-aaral na ito na ang suliranin at dahilan ng pagkaiwan ng mga bakla sa panahon ng disaster ay ang sala-salabat (*intersecting*) na mga isyu na may kinalaman sa kanilang kasarian, identidad at kahirapan.

Nagsimula ang pananaliksik sa pamamagitan ng pagpasok at pag-unawa sa sitwasyon o pagsasagawa ng *social investigation* sa Aroma. Sa pamamagitan nito, nakapagtukoy ang pag-aaral ng mga kontak sa mga residente ng Aroma, na siya namang naging susi para isagawa ang *snowball sampling approach* upang matukoy ang mga pangunahing kalahok sa pananaliksik. Ginamit ang mga sumusunod na kriteria sa pagpili ng mga baklang makakasama sa pag-aaral; ito ay binanggit rin sa mga bakla upang makatulong sa kanilang pagtukoy kung sino pa ang posibleng maging parte ng pag-aaral: (a) kinikilala ang sarili bilang bakla, (b) nasa edad 13-60 taong gulang, (c) mahigit limang taon ng naninirahan sa Aroma, at (d) nasa erya nung nagkaroon ng sunog noong Abril 2020. Ang pamamaraang ito ay nakatulong hindi lang sa pagtukoy ng kalahok bagkus nakatulong rin sa madaling pagtitiwala ng mga baklang kalahok sa mananaliksik dahil nga sa pagbanggit na mula iyong pangalan nila sa mga naunang nakatsikahan ng mananaliksik. Sa pamamagitan ng snowball sampling at ng kriteria sa paghahanap ng kalahok ay natukoy ang limang bakla na makakatsikahan tungkol sa naging karanasan nila nung nangyaring sunog at sa disaster.

Ilalahad ng saliksik na ito ang mga tsika nila:

- Dyoza, isang *transgender woman* na mula sa probinsya na lumuwas sa Maynila upang makipagsapalaran. Siya ay nagtatrabaho bilang isang *call center agent*.
- Gerald, 29 taong gulang, at siya ay lumaki sa pamayanan. Siya ay isang baklang guro na nagtuturo sa isang paaralan na malapit sa Aroma.
- Hesus, isang bakla na matagal ng naninirahan sa erya. Siya ay dating kawani ng kanilang barangay. Sa kasulukuyan, siya ay isang *senior citizen* at nakatira sa kanyang mga kamag-anak.
- Chinchin, isang lesbiyana na nagtatrabaho bilang isang *helper* ng isang karinderya sa Divisoria, matagal na sa erya at lumipat sa relocation sites, pero bumalik rin sa Aroma dahil walang kabuhayan. Kasalukuyan siyang nakikitira sa kanyang kaibigan.
- Elov, na isa ring lesbiyana na madalas rumaraket at nagdedeliver ng mga pagkain at *parcel*. Matagal na siya sa erya dahil doon siya lumaki. Sa kasalukuyan, kasama niya ang kanyang partner sa kanilang bahay.

Ang kanilang mga tsika ay ilalahad sa ibaba at makakatulong upang malawak na maintindihan at maipatampok ang kanilang karanasan at pangangailangan sa panahon ng disaster.

Pakikipag-tsikahan ang primaryang pamamaraan na ginamit sa pag-aaral upang makuha ang mga kuwento at danas ng mga bakla sa Aroma noong panahon ng sunog. Parte na ng kulturang Pilipino ang tsismis, tsika o pakikipag-tsikahan. Ito ay isang porma ng kuwentuhan kung saan nagpapalitan ng mga kuwento o karanasan ang mga tao (Suing et al., 2024). Ayon kay Cuadra (2023), sa matagal na panahon ito ay ginagamit bilang isang pamamaraan sa pakikipagkapwa na nagsisilbing daan din upang malaman ng mga tao kung ano ang nangyayari sa lipunan. Sinasabi naman ni Ferreira (1992) na ito ay isang pamamaraan

ng komunikasyon na nagpapadaloy ng pagpapalitan ng impormasyon at kaalaman. Nakikita ng mananaliksik na ang pakikipag-tsikahan ay isang pamamaraan o moda ng kuwentong buhay, labas man sa kumbensyonal at nakasanayang moda nito, naglalayon pa rin ang mga tsikahan na ginawa sa pag-aaral na maipatampok at maisalaysay ang karanasan ng mga bakla sa panahon ng disaster (Kimuell-Gabriel, 2011). Naging iba lang ito dahil hindi tulad ng kadalasang pamamaraan ng kuwentong buhay, nagsimula ang mananaliksik sa pag-poposisyon ng kanyang kasarian bilang bakla at kanyang mga karanasan na higit na nakatulong sa pagiging kumportable, bukas, at pagtitiwala ng mga kalahok. Nakatulong rin ang paggamit ng lente ng kasarian sa pamamagitan ng pag-angkop sa konteksto ng mga bakla sa Aroma, pag-ayon sa kung paano sila makipag-kuwentuhan at paggamit ng mga salita na kumportable sila tulad ng tagalog, *taglish* o gay lingo. Naging mahalaga rin ang pakikipagsabayan sa kanilang biro o *jokes* at pagganap sa mga ginawang pag-uusap kung asan sila at habang pinagpapatuloy nila ang kanilang ginagawa. Esensyal ang pamamaraang ito dahil naging daan ito na hindi maging mabigat ang naging kuwentuhan dahil nga sensitibo at mabigat ang usapin tungkol sa karanasan ng mga bakla sa lipunan at disaster. Ang paggamit ng pamamaraang ito ay mahalaga rin upang maangkin ng mga baklang kalahok ang kanilang kapangyarihan at boses. Maliban dito, nakikita ng mananaliksik na ang pakikipag-tsikahan bilang isang pamamaraan sa pangangalap ng datos ay higit na mahalaga hindi lang sa pagpapatampok ng kuwento ng mga bakla kundi mahalagang gamitin sa mga araling pangkasarian. Pagkatapos na makuha ang mga tsika ng mga baklang kalahok ay isinalansan ito bilang kasong aralin, sinuri sa pamamagitan ng *thematic* at *comparative analysis*, at gumamit ng mga *direct quotes* upang higit na maipatampok ang kanilang mga tinig.

Para higit na maintindihan ang karanasan ng mga Pilipinong bakla sa disaster, ang artikulong ito ay nahahati sa tatlong seksyon. Magsisimula ito sa maikling paglalahad ng naging resulta ng ginawang pagsusuri sa mga kaugnay na literatura at konseptwal na

balangkas na gagabay sa pagsusuri ng mga tsika ng mga bakla sa Aroma. Ang seksyong ito ay ipapatampok ang patuloy na pagkaiwan at pagiging imbisible ng mga bakla sa panahon ng disaster at pangangasiwa nito. Matatapos ang seksyon sa pagpapakita ng kahalagahan ng paggamit ng *intersectional analysis* sa sitwasyon at karanasan ng mga bakla sa panahon ng disaster. Ang intersectional analysis ay magsisilbing daan upang mas maintindihan ang kanilang karanasang napag-iiwanan, at sa paglikha ng inklusibong pangangasiwa ng disaster. Ang susunod na seksyon ay ipapatampok ang karanasan at kuwento ng mga bakla sa Aroma nung panahon ng sunog at ang iba pang kaapihang kanilang nararanasan na nagiging dahilan ng kanilang karanasang napag-iwanan sa mga yugto ng Disaster Risk Reduction and Management (DRRM). Matatapos ang artikulo sa seksyon kung saan ilalahad ang kahalagahan ng pagtingin sa karanasan at tsika ng mga bakla sa pagkakaroon ng isang inklusibong pangangasiwa sa disaster at pagkamit ng isang lipunang pantay at malaya.

## Resulta ng Pagsusuri ng mga Kaugnay na Pag-Aaral: Pagsipat sa Danas ng mga Bakla sa Disaster

Sa seksyong ito ay itatampok ang maikling paglalahad ng resulta ng pagsusuri sa mga kaugnay na pag-aaral ukol sa kalagayan ng mga bakla sa disaster. Limitado ang mga literatura tungkol dito pero sinikap na maipatampok ang sitwasyon at kalagayan ng sektor sa disaster. Ang seksyong ito ay nahahati sa tatlong parte na tututok sa karanasan ng bakla sa panahon ng disaster, DRRM at ang mga bakla, at huli ay ang analitikal na balangkas na naging gabay sa pag-unawa at pagsusuri ng mga tsika ng mga bakla na nagpapakita ng kahalagahan ng paggamit ng intersectional analysis sa pag-intindi sa sitwasyon at karanasan ng mga bakla sa panahon ng disaster

### ***Bakla…Bakla…sa Panahon ng Disaster***

Ang disaster ay isang pangyayari na kung saan nagagambala ang mga sistemang gumagana sa mga pamayanan o isang lipunan (UNDRR, n.d.). Ito ay bunga ng iba't ibang panganib o *hazards* na maaaring natural, likhang-tao, o *technological* (UNDRR, n.d.). Ang disaster ay naglalantad ng bulnerabilidad at kapasidad ng mga tao at pamayanan (UNDRR, n.d.) na nagdadala ng mapaminsalang epekto sa mga pamayanan tulad ng pagkamatay ng maraming tao, pagkawala ng kabuhayan, at pagkasira ng kalikasan (ALNAP, 2010).

Nakakaranas ang Pilipinas ng maraming klase ng natural na hazards at disaster (Amnesty International UK, 2021). Dahil ang bansa ay nakapaloob sa *Pacific Ring of Fire* at nasa kahabaan ng *Pacific typhoon belt* kaya ito ay binansagan na *world's most disaster-prone nation* (ADRC, n.d.). Maliban sa mga natural na panganib, nakakaranas din ang bansa ng mga *anthropogenic* o *human-induced disasters*, kung saan ang mga panganib ay mula sa epekto ng mga atrasadong sistema, oryentasyon ng pamamahala, ekonomiya, kultura, at lipunan (ALNAP, 2010).

Sa laging pagkakaroon ng disaster sa Pilipinas namamayani na ang kaisipan na ang disaster ay itinuturing na "great equalizer." Sinasabi ni Fothergill at Peek (2004) na kaya nanaig ang ganitong pananaw ay dahil nakikita ng mga tao na pareho ang epekto ng disaster sa mahirap at mayaman. Sa katunayan, sa inilabas na artikulo ng Philippine Daily Inquirer (2013, para. 7), sinasabi ng isa sa nasalanta ng bagyong Yolanda noong 2013 na "...pareho ang epekto ng disaster, walang mahirap at walang mayaman. Lahat kami ay nahirapan kaya kung anong mayroon kami sinubukan namin ibahagi sa iba pa." Sa kabila nito, ayon kay Blanchard (2021), ang epekto ng disaster ay hindi maituturing na great equalizer dahil ang mga mahihirap ang higit na napipinsala nito. Lumalabas sa pag-aaral nila Malo at Zrinski (2022) at ng Relief Web (2020) na magkakaiba ang nagiging epekto ng disaster sa bawat

kasarian at sa sosyo-ekonomikong antas ng mga tao. Gayunpaman, patuloy ang pagbabalewala sa mga bakla sa panahon ng disaster na dahilan ng pagkakaroon ng negatibong epekto ng disaster at patuloy ng kanilang karanasan na napag-iiwanan (Castro, 2019).

Higit na naaapektuhan at napapag-iwanan ang mga bakla sa panahon ng disaster dahil sa pamamayani ng sistemang patriyarkal, macho-pyudal, at cis-heteroseksismong oryentasyon sa lipunan (Ariyabandu & Miranda, 2021). Ito ang gumagabay sa mga aspetong panlipunan na may malaking papel sa araw-araw na pamumuhay ng sektor tulad ng pulitika, sosyal, ekonomiya, at kultura na siyang dahilan kung bakit naisasantabi ang kanilang karanasan at pangangailangan (Castro 2019; Goldsmith et al., 2022). Sa Pilipinas, maraming kuwento ng diskriminasyon, pang-aabuso, at karanasang napag-iiwanan ang sektor sa panahon ng disaster. Nananatili pa ring *taboo* at tinitignan na makasalanan ang mga bakla kaya madalas sila ang sinisisi kung bakit nangyayari ang malala at mapaminsalang disaster (Silverio, 2020). Maraming kaso rin ng diskriminasyon ang naiulat na nararanasan ng mga bakla sa mga *evacuation center* at temporary housing noong panahon ng bagyong Yolanda. Isang halimbawa dito ay may mga kabataang bakla na nakatanggap ng berbal na pang-aabuso habang nakapila sa pagkuha ng ayuda (Castro, 2019). Isang halimbawa rin ay ang kuwento ni Jean, isang transwoman na kinailangang gamitin ang kanyang *dead name* para ikonsiderang *house owner* o *head of the family* para magkaroon ng akses sa mga serbisyong panlipunan at iba pang tulong (Santos, 2022). Sa gitna naman ng pandemya na dala ng COVID-19, mayroong magkarelasyong lesbiyana na nagpanggap na magkapatid sa *emergency shelter* para makakuha ng ayuda o tulong mula sa gobyerno (Romero, 2022). Kasabay nito, maraming mga bakla sa bansa ang hindi nakakatanggap ng *pandemic relief efforts* dahil ang panuntunan sa pagbibigay ng ayuda ay nakatutok lamang para sa mga may pamilya o *head of household* na kung saan ay lalaki at babae lamang ang kasarian na kinokonsidera (Ritholz, 2020). Ang buhay na karanasan at kuwento na mga ito ay repleksyon

ng nagpapatuloy na inhustisyang nararanasan ng sektor ng LGBTQIA+ sa lipunang Pilipino, may disaster man o wala.

***Bakla, Asan ka sa Pangangasiwa ng Disaster?***

Nagpapatuloy ang pagbibigay prayoridad sa pagpapaunlad ng mga balangkas sa mga polisiya at programa para sa paghahanda, pagtugon, at pag-ahon sa mapaminsalang disaster. Sa pandaigdigang konteksto, kinikilala ang kahalagahan ng kasarian at sekswalidad sa DRRM at maraming pandaigdigang ahensya ang may mandato na isama ito sa mga binabalangkas na proseso sa pangangasiwa sa disaster (UNISDR et al., 2009). Sa katunayan, mahalaga ang papel ng kasarian at sekswalidad sa hangarin para sa Sustainable Development Goals (SDGs), Sendai Framework, at sa Agenda for Humanity (Relief Web, 2020). Sinasabi nila Ariyabandu at Miranda (2021) na tinitignan ng mga balangkas na ito ang mga ugat ng hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan at ang pangangailangan ng pagsama ng lente ng kasarian at sekswalidad sa pangangasiwa sa disaster at pagbabago ng klima.

Isa ang bansang Pilipinas sa nanguna sa pagpasa ng *gender-sensitive* na polisiya na magiging gabay sa pangangasiwa ng disaster at pagbabago ng klima (Leonio, 2019). Ang Philippine Disaster Risk Reduction and Management Act of 2010 o RA 10121 ay naglalayong mabawasan ang panganib o epekto ng disaster habang kinikilala ang kahalagahan ng usaping kasarian at sekswalidad. Ngunit, kahit na mayroon ng mga polisiya ang bansa, naisasantabi at napapag-iwanan pa rin ang sektor (Macalandag & Obenza, 2016).

Sa kabila ng hindi pantay na pagtingin at pagpapatuloy ng diskriminasyon na nararanasan ng sektor, ipinapakita pa rin nila ang kanilang mga kapasidad at kalakasan upang makaambag sa pangangasiwa ng disaster sa kanilang pamayanan (Galliard et al., 2017). Mayroong mga kabataang bakla sa Masantol, Pampanga na inutusan na bantayan ang mga bata, maglaba, at kumuha ng maiinom na tubig at panggatong sa kabila ng mataas na baha sa

kanilang pamayanan noong 2011. Ayon kay Balgos et al. (2012), ang ginawa nilang ito ay nakatulong sa pagbangon ng kanilang pamilya at pamayanan mula sa naging epekto ng disaster. Sa Sorsogon, ang mga kabataang bakla ang naglilinis ng mga bahay pagkatapos ng nangyaring baha. Maliban dito, nanguna rin sila sa pagkuha at pamamahagi ng *relief goods* sa kanilang pamayanan (McSherry et al., 2014). Kumilos din ang sektor ng LGBTQIA+ sa Quezon City noong nagkaroon ng magkasunod na bagyo noong 2009; nakipag ugnayan sila sa kanilang mga kakilala, network, organisasyon, at opisina sa paglikom ng pondo at ayuda upang maibigay sa kanilang mga kapitbahay (Balgos et al., 2012).

### *Analitikal na Balangkas: Intersectional Analysis Bilang Pamamaraan sa Pag-unawa sa Karanasan ng mga Bakla sa Disaster*

Sisiyasatin ang mga tsika ng mga bakla sa Aroma sa pamamagitan ng pagtingin sa kabuuang kuwento at danas nila sa panahon ng disaster; sa panahon ng paghahanda, pagtugon, mitigasyon at pagbangon mula sa disaster. Ngunit, upang maunawaan ng husto ang kalagayan ng mga bakla sa panahon ng disaster, hindi sasapat ang pagtingin ng lente ng *disaster management cycle*. Ang espisipikong kontribusyon ng pag-aaral na ito ay ang paggamit ng intersectional analysis upang mapalutang ang patong-patong at sala-salabat na isyu na kinakaharap ng mga bakla sa panahon ng disaster (Jean et al., 2023). Ayon kay Crenshaw (1989), ang pagpapatuloy ng kaapihang nararanasan ng mga tao at pamayanan, at patuloy nilang pamumuhay sa karalitaan ay mula sa mga interseksyon ng bawat aspeto ng kanilang pagkatao: identidad, uri, etnisidad, race, sosyo-ekonomikong kalagayan, atbp. Sinasabi ni hooks (1984) na ang mga aspetong ito ay nagsasama-sama, nagpapatong-patong, at konektado, na siyang nagiging dahilan ng malalang epekto at pagka-iwan ng mga bakla sa disaster.

Matingkad sa mga naunang pag-aaral tungkol sa kabaklaan at disaster na ang kanilang identidad, uri, at sosyo-ekonomikong kalagayan ay nagiging dahilan ng kanilang pagka-iwan sa lipunan lalo na sa panahon ng disaster. Lumalabas sa maraming pag-aaral na ang identidad ng mga bakla ang pangunahing dahilan kung bakit sila napag-iwanan at nakakaranas ng diskriminasyon sa disaster (Castro, 2019), dahil hanggang sa kasalukuyan itinuturing pa rin itong taboo, sakit, kasalanan, kahinaan, kakaiba, at ang malala pa ay tinitignan na dahilan ng mapaminsalang epekto ng disaster (Silverio, 2020). Ang uri o *class* ay grupo o dibisyon sa lipunan na may magkakaparehong katayuan at kapangyarihan na nakabatay sa sosyo-ekonomikong kalagayan at antas sa lipunan (American Psychological Association, n.d.). Sinasabi ni Andrew (1975) na ito ay hindi lang natatapos sa usaping pang-ekonomiya bagkus ito rin ay sumasaklaw sa legal, politikal, at kultural na aspeto ng lipunan. Ang mga sistemang panlipunan ay pinapatakbo ng mga tao na nasa mataas na uri na kadalasan ay nakabatay sa kanilang sariling interes na siyang dahilan ng pagpapatuloy ng kawalan ng boses at kapangyarihan ng mga nasa mababang uri at ang sistemang patriyarkal sa lipunan (Jessop, 2012). Dahil dito, ang makauring sistema ay nagpapatuloy ng pagbabalewala sa usaping kabaklaan sa lipunan (Ceperiano et al., 2016), ito ay nagpapanatili ng mababang pagtingin sa mga bakla at pananatili ng kaapihang kanilang nararanasan (Aban & Sy, 2022; Madula, 2016) na siyang nagbubunga ng mapaminsalang epekto sa kanila ng disaster. Ang sosyo-ekonomikong kalagayan ay nakatuon hindi lang sa sahod na nakukuha ng mga bakla bagkus ito rin ay sumasaklaw sa kanilang *educational attainment*, kabuhayan, kakayahan o kapasidad, pribilehiyo, oportunidad, at ang pagtingin sa kanila sa lipunan (American Psychological Association, n.d.) na siyang magdidikta kung ano ang magiging epekto ng disaster sa kanila, paano nila ito haharapin, at paano sila babangon pagkatapos ng disaster (Haskell, 2014). Kung kaya, espesipikong titingnan ng pag-aaral na ito ang interseksyon ng

uri, identidad, at sosyo-ekonomikong kalagayan ng mga bakla, at ang epekto nito sa panahon ng disaster.

**Pigyur 1**

*Analitikal na Balangkas sa Pagsusuri ng mga Tsikang Kabaklaan sa Disaster*




## Paglalahad at Pagsisiyasat ng mga Tsika ng mga Bakla sa Aroma sa Panahon ng Disaster

### *Tsikang Kabaklaan sa Aroma sa Panahon ng Disaster*

Hindi na bago sa Aroma ang pagkakaroon ng disaster dahil sa mahirap na kalagayan ng mga residente nito at hindi maayos na istraktura ng pamayanan. Kagaya ng iba pang maralitang pamayanan sa bansa, sunog ang pangunahing disaster na nararanasan ng mga tao sa Aroma. Sa pakikipag-tsikahan kay Dyoza, binabanggit niya na sunog talaga ang higit nilang pinaghahandaan dahil simula nung tumira siya sa Aroma ay ilang beses na siyang

nakaranas ng sunog. "Mas madalas dito [sa Aroma] ang sunog eh. Parang ilang beses na simula ng tumira ako dito, parang three times na nangyari ang sunog."

Maliban sa sunog, sinasabi ng iba pang mga bakla na nakakaranas din sila ng ibang uri ng hazards at disasters sa pamayanan tulad ng bagyo at lindol. Nabanggit din nila na higit na nakakapinsala rin sa pamayanan ang mabilis na pagbaha kahit sa saglit na pag-ulan; nakikita nila na ito ay dahil sa hindi maayos na mga *drainage system* sa Aroma. Maliban dito, higit na itinuturing din ng mga bakla na katsikahan na mapaminsalang disaster ang mga epidemya tulad ng COVID-19 na higit na nakaapekto sa mga residente. Dagdag ni Gerald na may banta rin ng panganib ng polusyon sa hangin sa Aroma dahil sa pabrika ng uling na nakatayo sa kanilang pamayanan*:* "Maliban sa sunog, nababahala rin ako sa *air pollution*. Matagal na yung isyu about sa ano [pabrika ng uling] meron dito niyan. Alam ko napasara na 'yan dahil marami ang nagkasakit, 'di ko alam 'bat nagbukas uli."

Ang pakikipag-tsikahang ginawa kasama ng mga bakla sa Aroma ay tumutok sa pinakahuling nangyaring sunog sa pamayanan noong Abril 18, 2020, bago nagsimula ang pangangalap ng datos ng pananaliksik. Nangyari ang sunog noong kasagsagan ng COVID-19 pandemic; malaki ang nangyaring sunog sa Aroma at naapektuhan ang mahigit 500 na pamilya na naninirahan dito (San Juan, 2020), kasama na ang mga baklang nakatsikahan. Maliban sa kanilang karanasan sa sunog ay ilalahad din dito ang mga naging repleksyon, karanasan, at pananaw ng mga bakla sa bawat yugto ng pangangasiwa ng disaster: prebensyon at paghahanda, pagtugon, at pagbangon sa disaster.

***Tsika ng mga Bakla sa Panahon ng Nangyaring Sunog noong Abril 18, 2020***

Noong nangyari ang sunog, hindi lahat ng mga baklang nakatsikahan ay nandoon. Si Dyoza, bilang isang call center agent, ay nasa trabaho noong mga panahong iyon at kadalasan ay hindi siya umuuwi sa Aroma dahil *live-in* sila sa kanilang opisina dahil nga sa banta ng

COVID-19. Nagulat na lang siya na may natanggap siyang chat sa Facebook Messenger na nagkaroon ng sunog sa kanilang erya at kasamang natupok ang kanyang bahay. Sa tsika ni Dyoza:

> Unang beses na nagkasunog sa aming lugar na wala ako doon, simula nung tumira ako dito madalas nasa bahay ako kapag nagkakasunog pero madalas tulog ako. Nagugulat nalang ako may kumakatok at nagsisigawan. Ngayon iba ang gulat ko kasi nalaman kong wala yung bahay at gamit ko sa Messenger. Hindi tulad ng mga nauna, may naisalba pa. Ako ngayon wala na akong naisilba dahil wala ako doon, ayon ubos lahat ng pinaghirapan ko.

Tulad ni Dyoza, wala rin si Chinchin at Elov sa erya noong mga oras na nangyari ang sunog. Sabi ni Chinchin na yung mga oras na iyon, siya ay nasa Divisoria at nalaman niya nalang na nagkasunog dahil sinabihan siya ng kanyang kaibigan. Si Elov naman ay wala noon dahil bumili sila ng kanilang pangangailangan sa bahay. Nagulat na lang siya nung pag-uwi niya ay tinupok na ng apoy ang kanilang tahanan kasama ang kanilang alagang aso.

> Iyong time kasi ng ano [sunog] umalis ako, hapon 'yon nangyari. Mukhang nagsimula sa bandang taas namin. Kakagawa lang ng bahay ko at naiwan ko 'yong aso ko, ayon pati siya nasunog. Sobrang sakit, sobrang hirap, kasi 'di mo alam kung saan ka pwedeng makitulog, ganoon. Hindi mo alam kung paano magsimula ulit.

Si Gerald at Hesus naman ay nandoon sa Aroma nung nangyari ang sunog. Si Gerald ay agarang lumikas kasama ang kanyang pamilya at pumunta roon sa highway noong nakita na nila na malakas na ang apoy at nagsisigawan na ang kanilang mga kapitbahay. Dahil malayo sila sa pinagmulan ng sunog, hindi sila naabot. Si Hesus naman ay nagkaroon ng kahirapan sa paglikas dahil sa kanyang edad; tinulungan nalang siya ng kanyang mga kamag anak ngunit wala siyang nailikas o nadalang mga gamit.

> Dahil sa edad ko, nahirapan na akong bumaba at tumakbo. Buti nalang ay nariyan ang mga pamangkin ko sa baba at kinuha agad ako. Kaso lang wala akong nadalang mga damit ko kaya tignan mo puro panlalaki na lagi ang suot ko.

Kaugnay ng nangyaring sunog, tinanong din ng mananaliksik ang mga baklang nakatsikahan tungkol sa nakikita nilang dahilan o rason sa nangyaring sunog noong Abril 2020. Kalakhan sa kanila ay nagsasabi na mula sa narinig nilang tsika na ang rason nito ay naiwang kandila o niluluto. Sinasabi naman sa report ni San Juan (2020) na ayon sa report ng mga bumbero, nagmula ang sunog sa nag-overheat na appliance. Nakikita naman ng isang bakla na posibleng problema sa kable ng kuryente sa lugar dahil sa marami ang gumagamit sa kanila ng *jumper* o pagnanakaw ng kuryente.

Halos lahat ng mga bakla sa Aroma ang nagsabi na kahit lagi ng nagkakasunog sa kanila ay mapaminsala pa rin ang epekto nito at laging napapag-iwanan pa rin ang mga tulad nilang bakla sa panahon ng disaster tulad ng sunog. Sa katunayan, sinasabi ni Elov na higit silang nahirapan noon dahil ang sunog ay nangyari sa panahon ng pandemya. Binibigyan diin naman ni Dyoza na kahit anong disaster ang mangyari sa kanilang lugar hindi naman binibigyang pansin ang pangangailangan ng mga bakla. Sa palagay niya, ito ay dahil sa patuloy na pag-igting ng diskriminasyon na higit pa nilang nararanasan sa panahon ng disaster.

> Noong panahon ng sunog, napansin ko napag-iiwanan talaga kaming mga bakla kasi mayroon pa ring talagang discrimination sa amin. Kasabay pa nung sunog ay COVID, ‘eh lahat ng programa roon di naman kinikilala ‘yung mga bakla kaya nga kuwento ko nga sayo may kakilala akong magkarelasyon na tomboy na ‘di talaga nabigyan ng relief goods.

### *Tsika Tungkol sa Kanilang Ginagawang Prebensyon at Mitigasyon sa Disaster*

Pagkatapos ng pagbabalik tanaw sa nangyaring sunog, tumungo na ang tsikahan sa kabuuang karanasan ng mga bakla sa yugto ng pangangasiwa ng disaster. Ilan sa kanilang tsika ay mula sa sarili nilang mga repleskyon at natutunan sa mga nangyari sa mga nakaraang disaster na naranasan nila sa kanilang erya. Halos lahat ng mga nakausap na bakla ay nagsasabi na naging mahirap ang kanilang karanasan bago at pagkatapos ng disaster. Tinanong ang mga bakla kung ano ang kanilang ginagawa upang maiwasan ang malalang pinsala ng disaster tulad ng sunog. Sinabi ni Dyoza na naging mahirap sa kanya ang laging pagkakaroon ng sunog sa Aroma. Gustuhin niya man lumipat, hindi niya ito magawa dahil ang sabi niya ay ibinigay na sa kanya ang lupa na kinatatayuan ng kayang bahay. Ang ginawa niya na lang upang makaiwas sa malaking pinsala ng sunog ay pagpapasemento ng kanyang bahay na ginagawa rin ng iba pang residente sa Aroma.

> Sobrang hirap masunugan since light materials lang ang bahay ko noon, madaling natupok. Tapos yung mga pinagpaguran, pinag-ipunan, nawala. Hindi kasi ako makaalis kasi binigay na sakin ito, ang mahal ng renta sa labas nito [Aroma]. ‘Di ko alam kung may prebensyon ba na nagaganap, ang sa akin kasi inanticipate ko na lagi ng nagkakasunog dito. So, ang ginawa ko na lang ay ipinasemento ko ang bahay ko para nasunog man, di masyadong malaki ang impact man sa akin.

Dagdag pa, ayon kay Gerald, maliban sa pag-konkreta ng mga bahay, pinapatayuan din nila ng ikalawang palapag ang mga ito dahil na rin sa mabilis na pagbaha sa Aroma dahil sa hindi maayos na mga kanal at malapit sila sa dagat. Itinatali nila ang kanilang bubong upang hindi tangayin kapag may bagyo. Halos pareho lang ang naging tsika ng iba pang mga bakla ukol sa kanilang ginagawang pamamaraan sa pag-iwas sa malalang pinsala ng disaster.

Gayunpaman, binabanggit ni Elov na lahat ng ginagawa nila ay galing sa sariling bulsa, dagdag niya na tumigil na siya sa paniniwala na may ibibigay pang tulong ang gobyerno.

> Bagong semento lang ‘tong bahay namin…sariling sikip at sariling gastos ko ‘to. Tuwing nagkakasunog, tupok lagi itong bahay namin dahil gawa sa kahoy…nawalan na ko ng gana na mag-antay pa ng tulong sa gobyerno, kakarampot ang binibigay ‘tas para pa kaming namamalimos.

***Tsika sa mga Paghahandang Ginagawa ng mga Bakla Bago ang Disaster***

Dahil nga palagi ng nagkakasunog sa Aroma, halos magkakapareho na ang naging tsika ng mga bakla kung paano ang kanilang ginagawang paghahanda bago ang disaster. Lumalabas na mayroon na silang nakahandang mga personal na pangangailangan tulad ng damit, pagkain, at *emergency lights*. Binabanggit ni Chinchin na maliban sa personal na pangangailangan ay palagi rin niyan inihahanda  ang kanyang mga importanteng dokumento. Dagdag niya na "...nasunog kasi dati birth certificate at mga ID ko. Ngayon ito, una kong sini-save ‘to kasi mahirap at magastos mag-ayos, nadala na ko."

Maliban sa mga gamit at pangangailangan, lumabas rin na isa sa ginawa nilang paghahanda ay ang pag-oorganisa kung paano lumikas. Sinabi ni Hesus na dahil nakasama siya sa mga pagsasanay noon tungkol sa disaster at matagal na siyang naging volunteer sa kanilang barangay, tumulong siya sa pag-aayos ng pagmamapa ng mga lugar na paglilikasan at pamamaraan kung paano lumikas.

> Matagal akong volunteer noon sa barangay, senior citizen na ko kaya retired na ko. Kasama ako noon sa training, si Erap pa noon. Nag gawa kami dito ng proseso kung paano lumikas, kung saan punta at kung saan dadaan. Shinishare ko rin sa kanila mga natutunan ko roon kasi gusto ko ligtas kaming lahat.

Tinanong rin ang iba kung mayroon silang alam na ginagawang pagsasanay tungkol sa disaster. Mayroong isang nagsabi na “Madalas may training pero pili lang naman pinapapunta nila.” May nagbanggit naman na “Paulit-ulit naman ‘yan, nagkakasunog naman lagi rito. Kesa pumunta ako edi magtrabaho nalang ako para may pagkain kami.” Maliban sa walang mga pagsasanay, lumalabas rin sa tsikahan na walang mga sapat na impormasyon at mga *early warning system* ang erya. Sinubukan kong itanong sa kanila kung may ginagawa ang barangay ukol rito, sabi ng isa ay “Malayo yung sirena, roon pa sa barangay di namin marinig dito.” Binaggit naman ni Dyoza na kapag may sunog “Magugulat ka na lang kapag may nagsisigawan, alam mo na [sunog]. Kaya takbo nalang kami.”

***Tsika Tungkol sa Pagliligtas ng Sarili, Mahal sa Buhay, at Pamayanan sa Panahon ng Disaster***

Kalakhan ng mga baklang nakatsikahan ang nagsabi na kapag nagkakasunog sa kanilang lugar, inuuna muna nilang iligtas ang kanilang sarili at mga mahal sa buhay. Sinasabi ni Hesus na “Noong nangyari yung sunog, inuna ko muna sarili ko kahit hirap na hirap ako kasi ayon ang turo ‘eh.” Tulad ni Hesus, ganito rin ang ang naging sagot ni Gerald pero dagdag niya, maliban sa sarili niya, mas inuuna niya na iligtas ang mga bata at matatanda sa kanilang pamilya. “‘Yong nangyari ang sunog, inilikas muna namin yung mga pamangkin ko at mga matatanda, dinala namin sa highway. Tapos sinunod namin yung mga kayang bitbitin, kayang ilabas.”

Mayroon ring masalimuot na tsika ang mga bakla sa Aroma sa panahon ng pakikiisa nila sa pagtugon na ginagawa sa disaster. Tulad ng naging tsika ni Dyoza, patuloy pa rin talaga ang pamamayani ng stigma, diskriminasyon, at *stereotype* sa mga bakla sa kanilang pamayanan. Sa katunayan, ayon kay Dyoza na noong mga nakaraang sunog, sinubukan

niyang makiisa sa pag-apula nito ngunit hindi siya pinasama ng ibang residente sa Aroma dahil ang tingin sa kanya ay mahina siya dahil nga bakla siya.

> Hindi ako pinapasama [sa pag-apula ng sunog at pagligtas], isa pa yan sa discrimination. Ang feeling kasi ng mga tao pag bakla ka mahina ka. ‘Yong parang doon ka lang sa isang tabi tapos mga lalaki lang ang mag-iinitiate ng ganun kahit gustuhin ko man.

Lumabas sa mga tsika ng mga bakla na kinikilala pa rin nila ang kahalagahan ng pakikipagkapwa at pagkakaisa lalo na kapag mayroong disaster sa kabila ng nararanasan nilang diskriminasyon at stereotype sa erya. Na-tsika ni Chinchin na bagamat inuuna nila ang kanilang sarili at pamilya, hindi nila nakakalimutan na tulungan ang kanilang mga kapitbahay.

Sa kabila ng diskriminasyon, ilan sa mga kalahok ang kumilos at nagsimula ng inisyatibo para matulungan ang kanilang mga kasama sa pamayanan. Si Gerald, kasama ng kanyang mga kaibigan ay nagsimula ng *donation drive*. Kaparehas ng kay Gerald, si Dyoza naman ay nagtayo ng tinatawag niyang *roving community pantry* na kung saan iniiba nila ang pwesto kada araw. Nakuha niya ang mga ipinapamigay na pangangailangan sa kanyang pakikipag-ugnayan sa mga kakilala. Naging dahilan ito kung bakit siya nakilala sa kanilang pamayanan.

> Nakita ko na grabe yung gutom ng mga kapitbahay ko lalo na yung mga bata, ako kasi may ipon. Kaya nakipag usap ako sa company ko at mga hotel, pagtapos nun gumawa kami ng roving community pantry. Dahil dito nakilala ako sa Aroma, nakuha ko yung respeto.

Kahit na matanda na si Hesus, nakiisa pa rin siya sa ginagawang pagkilos at aktibidad na ginagawa ng barangay para sabi niya "Matagal na kong volunteer, kaya kahit nasunugan ako at matanda na, siyempre tutulong pa rin ako."

***Tsika ng mga Bakla sa Aroma Tungkol sa Ayuda at mga Tulong na Ibinibigay sa Kanila sa Panahon ng Disaster***

Lumilitaw sa tsika ng mga bakla na ilan sa kanila ay hindi nakatanggap ng ayuda o tulong na ibinibigay. Sinasabi ni Hesus na "Nakatanggap ako kasi dati akong BHW [Barangay Health Worker] kaya kilala ako ng mga coordinator." Ayon naman kay Gerald, pinipili rin ang mga naisasama sa listahan; mas nanaig pa rin ang sistemang padrino at palakasan. Dagdag rin niya na iyong mga bakla na nasa looban ay hindi rin naisasama dahil hindi napupuntahan at hindi umaabot sa kanila ang mga impormasyon tungkol dito.

> Marami akong kaibigan na hindi nakakatanggap, minsan kasi namimili sila. Sabihin na natin na kunwari may ganitong listahan, may nauna na 'di umabot ang iba. Hindi talaga well distributed yung information kaya pagdating sa ano [ayuda], even mayroon ng organization ang city hall para sa LGBT, naalarma kami ng friends ko kasi ilan lang ang nasa listahan, wala kami doon. So parang, mga kaibigan lang nila nakalista, parang padrino system talaga, palakasan. Kapag hindi ikaw ang focal person o hindi ka kilala walang aabot sayo.

Ayon naman kay Elov, matagal na siyang hindi nakakatanggap ng ayuda at nakikita niya na ito ay dahil hindi kinikilala ang mga bakla sa kanilang barangay at walang batas. Na-tsika naman ni Dyoza na may kaibigan siya na magkarelasyong bakla na nagpanggap na magkapatid para mabigyan lang sila ng ayuda.

> Mayroon nga akong kilala dito malapit sa amin na magkarelasyon tapos parehas na babae. Hindi talaga sila binigyan ng tulong kahit na tupok talaga bahay nila. May

COVID tapos nasunugan pa, syempre gutom na, nagpanggap na mag-ate para mabigyan ng ayuda.

### *Tsika ng mga Bakla Tungkol sa Kanilang Karanasan sa Evacuation Center*

Gayunpaman, sinasabi ng iilang bakla na naging mabuti ang kanilang karanasan at pagtanggap sa kanila sa evacuation center. Sa katunayan, nagagalak si Gerald sa pagtsika niya dahil napansin niya na bihira na ang pang-aapi at diskriminasyon sa mga bakla sa evacuation center noong panahong iyon. Dagdag niya na "Hindi na inisip ng mga tao 'yon, wala na talagang kaartehan. As one yung turingan kasi lahat naman ay nasunugan." Sa usapin naman ng palikuran sa evacuation center, ayon kay Dyoza, mayroon pa ring kaunting stigma na nararanasan ang mga bakla sa Aroma. Sinabi niya na "Ang stigma kasi pag bakla ka maninilip ka, 'di ka pwedeng sumabay sa lalaki pati sa babae kasi iniisip nila maninilip ka." Napapansin naman ni Gerald na kaunti na lang ang diskriminasyon na natatanggap ng mga bakla sa Aroma dahil nga magkakakilala na sila. Pero may iilan pa ring nakakaranas ng diskriminasyon lalo ang mga transgender sa erya. Dagdag niya, "Minimal nalang yung napapansin kong discrimination sa mga CR kasi magkakakilala naman kami, 'yon ang observation ko. Siguro hindi talaga maiwasan ng iba na ganoon lalo na sa transgender kasi pumapasok siguro sa preferences at privacy ng iba."

### *Tsikang Pagbangon ng mga Bakla Pagkatapos ng Sunog*

Lumalabas sa tsika na mas nakasandig ang mga bakla sa Aroma sa kanilang mga sariling kakayahan at kapasidad sa pagbangon nila sa naging epekto ng disaster. Mayroong pagkakaparehas ang sinasabi nila Elov at Dyoza na kinakailangan ang sariling pagsisikap upang makabangon sa nangyaring disaster. Hindi rin nila nakikita na sapat o angkop ang ginagawa at binibigay ng gobyerno sa kanila. Binabanggit ni Dyoza na "Aasa talaga ako sa

sarili ko kasi wala naman magtataas o tutulong sakin kundi sarili ko lang. Sinisipagan ko talaga para maka-recover.” Ayon naman kay Elov,

> Matagal na ko dito, ‘di naman sapat binibigay nila [gobyerno] hindi rin ok sakin kasi kung totoo talaga sila sa pagtulong gagawan nila ng paraan para wala ng sunog dito. Ginagawa ko nalang trabaho, nagdedeliver ako tas ipon ko pinapagawa ko ng bahay. Work lang ng work, ahon-ahon lang basta makaangat uli.

Kinikilala naman ni Gerald ang mga binibigay ng mga non-governmental organization (NGO) at gobyerno sa kanilang pamayanan para makabangon pero malinaw rin sa kanya na naiiwan pa rin ang mga bakla kasi hindi nabibigyan. “Malaking tulong rin ang binibigay ng NGO pati ng LGU dito kasi nagbibigay sila ng materyales, unti man pero malaking tulong na rin. Ang problema nga lang hindi talaga nabibigyan ang mga bakla kasi per household nga.”

Nakikita rin ng ilan sa mga baklang nakatsikahan ang papel ng pagkakaisa at pagtutulungan ng mga residente para makabangon. Sinasabi ni Hesus na “Tinulungan ako ng mga kapatid ko at mga kapitbahay para magawa bahay ko, mahirap na kasi sakin senior na, malaking bagay na ito.” Nabanggit naman ni Chinchin na sanay na ang mga tao rito sa sunog kaya natural na sa kanila ang pagbibigayan. Dagdag pa ni Gerald, naging malaking parte rin ang pagtulong ng mga hindi nasunugan at nakatira sa labas ng Aroma sa nangyaring pagbangon sa epekto ng sunog. Sabi niya na kapag ang kapwa residente ang tumulong walang pinipili kahit ano pa man ang kasarian.

### *Tsika ng mga Bakla Ukol sa Kanilang Pangangailangan sa Panahon ng Disaster*

Kinikilala rin ng mga bakla na ang mga espesipikong pangangailangan nila ay may malaking papel sa kanilang pagbangon. Halos pareho ang naging tsika ni Elov at Chinchin nung tanungin sila. Sinabi nila na tulad ng ibang kasarian, kagyat na kailangan rin ng mga

bakla sa panahon ng disaster ay pagkain, tubig, tirahan, damit, at serbisyong medikal para makabangon. Nakikita naman ni Hesus na mahalaga ang pagbibigay rin ng *hygiene kits* lalo na sa kanilang pamayanan. Maliban rito, binigyang diin ni Dyoza na may partikular na pangangailangan pa ang mga bakla na hindi pinapansin at binibigyang pansin. "Maliban sa mga pagkain, mayroon pang kailangan rin ng mga LGBT individual. Madaming transwomen dito tulad ko na kailangan rin ng hormonal pills. Siyempre kailangan rin ng condom o maybe gamot sa HIV."

Nababanggit din sa tsika nila na bukod sa mga pisyolohikal na pangangailangan, nakikita ng mga bakla na mahalaga ang pagbibigay ng *psychosocial* at *emotional support* hindi lang sa mga bakla pati na rin sa mga nasunugan. Nakikita naman ni Chincin na "Maganda siguro kung bibigyan rin kami ng kabuhayan at trabaho para kami ay may kakayahan na at di na aasa sa bigay." Naniniwala rin sila na maliban sa relief goods na naglalaman ng bigas, de-lata, kape at iba pa, mahalaga ring bigyan sila ng boses at isama sa pangangasiwa sa disaster.

### *Tsikang Kabaklaan Tungkol sa Pagkakaiba ng Kanilang Karanasan sa iba Pang Kasarian sa Panahon ng Disaster*

Isa sa primaryang layunin ng pananaliksik na ito ay makita at maipatampok ang espesipikong karanasan ng mga bakla sa panahon ng disaster. Kaya sa nangyaring tsikahan kasama ng mga bakla sa Aroma ay tinalakay ito. Halos lahat ng mga bakla na nakatsikahan ay nagsabi at binigyang diin na malaki ang pagkakaiba ng kanilang karanasan kumpara sa babae at lalaki. Kahit na lahat sila ay sumasang-ayon dito, mayroon pa ring pagkakaiba sa kanilang karanasan at dahilan kung bakit ito naiiba. Sinasabi ni Chinchin na iba ang karanasan ng mga bakla sa babae at lalaki sa panahon ng disaster dahil ang mga bakla ay hindi kinikilala ng mga batas sa bansa. Dagdag pa niya na kahit patuloy na naapi pa rin ang mga babae sa

lipunan, mayroong mga batas ang kumikilala sa kanila na nagiging daan kung bakit sila nirerespeto at pinoprotektahan. "'Yong pagkakaiba kasi, ang mga babae ay nirerespeto at naiintindihan ang kanilang pangangailangan dahil sa mga batas. 'Eh kapag bakla, wala 'yan, di na nga nirerespeto, pinapabayaan pa."

Mayroon ding pagkakaparehas ang naging tsika ni Dyoza kay Chinchin. Binabanggit niya na hanggang sa kasalukuyan ay nagpapatuloy pa rin ang malalang diskriminasyon sa bakla sa lipunang Pilipino dahil sa kawalan ng batas na kumikilala sa mga bakla sa bansa. Dagdag pa ni Dyoza na,

> In a way meron talagang pagkakaiba, yung sa strength at capacity ng babae at bakla ay laging kino-compare kahit hindi dapat. Kasi kapag babae tanggap na iba ang lakas na mayroon sila pero kasi kapag LGBT ka parang iniisip nila at ini-implicate ng mga tao na mahina ka by choice kasi nga bakla ka nga.

Naniniwala siya na hindi dapat tinitignan ang pagkakaiba ng mga tao sa kalakasan, kapasidad, at kahinaan nito. Tinitignan dapat ang espesipikong karanasan lalo na kapag pinag-uusapan ang epekto ng disaster.

Ayon naman kay Elov, naiiba ang karanasan ng mga LGBT sa babae at lalaki dahil sa mga paniniwala, pagtingin, at kultura na mayroon ang lipunang Pilipino. Napapansin niya na sa mga nangyaring disaster sa kanilang lugar, maraming papel at ginagampanan ang mga bakla lalo na sa loob ng kanilang tahanan. Sinabi niya na "Iba ang karanasan naming mga LGBT sa mga babae at lalaki, kadalasan kami ang breadwinner dito kaya kapag may disaster, sa amin umaasa mga kamag anak namin." Dagdag pa niya na "Kapag babae kasi, sa bahay lang, kapag lalaki naman nag-work. Kaming mga bakla dito, simula sa paglikas, pag-aalaga ng mga bata, paglinis ng bahay, at paghahanap ng pera para maitayo ulit ang bahay namin, samin lahat umaasa." Kahit na malinaw ang pagkakaiba ng karanasan ng mga bakla kay

Hesus, sinasabi niya na dapat sa panahon ng disaster walang pinag-babasehan na kasarian kung sino ang ililigtas at binibigyan ng ayuda dahil napansin niya kapag may disaster laging nahuhuli at napapagiwanan ang mga bakla.

> Sa tagal ko na dito sa Aroma, napansin ko na malaki ang pagkakaiba ng epekto niyan [disaster] sa mga tao lalo na sa bakla. Mayroong pagkakaiba pero ang ano ko dun ay hindi dapat pinag-babasehan ang kasarian mo. Kasi pagdating sa sitwasyon na 'yon lalo na kapag emergency, wag tayong mamili ng tao. Hindi porket babae 'yon lang ililigtas mo, kapag bakla ka kapwa bakla lang ililigtas mo, parehas dapat sila.

***Tsikang Kabaklaan Tungkol sa Epekto ng Pagiging Bakla sa Kanilang Karanasang Napag-iiwanan sa Disaster***

Pinag-usapan rin sa nangyaring tsikahan kasama ng mga bakla sa Aroma kung nakikita ba nila na mayroong epekto ang kabaklaan sa kanilang karanasang napag-iiwanan sa panahon ng disaster. Ilan sa mga bakla na nakatsikahan ang sumang-ayon dito at naniniwala na dahilan ng karanasang napag-iiwanan sa panahon ng disaster ay ang kanilang pagiging bakla. Ayon kay Dyoza, isa sa nakikita niyang halimbawa nito ay kapag may sunog o bagyo sa kanilang lugar, inililikas ang mga tao sa evacuation centers, at ilan sa mga kakilala niyang mga bakla ang nakakaranas ng stigma at diskriminasyon sa mga evacuation center na nahihirapan na gumalaw at nakakaramdam na hindi ligtas rito.

> For me, nakakaapekto talaga ang pagiging LGBT. Kasi, tulad halimbawa pag may bagyo kasi rito o sunog, nire-require kami ng barangay na magpunta sa evacuation centers o sa barangay mismo. May impact ang pagiging LGBT kasi sa mga tent o sa common toilets, mayroong stigma kasi laging iniisip ng tao kapag bakla ka maninilip ka, hindi ka puwede sumabay sa lalaki o babae kasi kala nila maninilip ka, ilan sa

> kakilala ko hindi na nag-CR doon at nag-stay kasi feel nila hindi sila ligtas, marginalized kasi lagi pag LGBT.

Binabanggit naman ni Hesus na matagal na niyang napapansin sa kanilang lugar na hindi pinapakinggan at ikino-konsidera ang mga bakla dahil nga mababa ang pagtingin sa mga bakla. Dagdag pa niya na “Kapag bakla ka, mahihirapan ka mabuhay sa lipunan lalo na rito kasi iniiwan ka talaga lalo na kapag may sakuna.” Ganito rin ang pakiramdam ni Elov. Nakikita niya na papabayaan ka talaga sa panahon ng disaster dahil bakla ka at dahil wala ngang polisiya ang kumikilala sa mga bakla, ang tingin niya ay kapag bakla ka maiiwan ka talaga sa disaster.

> Alam mo, dahil tomboy ako kaya hindi ako pinapakinggan ng barangay. Unang-una, kasi barangay ang namamahala dito kasi kung tanggap ka ng barangay ay tanggap ka ng lahat. Alam mo policy talaga nila ‘yan ‘eh. Sa pakiramdam, ang pagtingin ng barangay sa amin ay “bakla lang ‘yan, tomboy lang ‘yan” kaya naniniwala ako dahil LGBT kami, hindi kami naisasama.

Parehas rin ang paniniwala ni Dyoza kay Elov. Ayon sa kanya, “Kasi yung batas sa barangay at sa buong bansa ay naka-design na i-discriminate ang mga LGBT. Naka-specify kasi ‘yan sa lalaki at babae lang walang LGBT.” Ayon naman kay Gerald, tinitignan lagi na ang mga bakla ay mayroong kakayahan na umahon sa disaster dahil nga sila ay likas na ma-diskarte at dahil doon hindi na kinakailangan ng tulong o suporta sa panahon ng disaster.

> Pag tinatamaan tayo ng calamity o sakuna, pantay-pantay kayong mapipilayan kahit iba ang epekto nito sa bawat isa. Nagkakaroon talaga ng diskriminasyon sa mga bakla dahil laging sinasabi na “Oh may trabaho na ‘yan” o “may kaya naman ‘yan bakit pumipila pa din ‘to.” Nakakalungkot dahil lahat naman ay naapektuhan ng sakuna pero bakit kailangan magkaroon ng pangmamata o paghihiwalay? Hindi naman

> kasalanan ng mga bakla dahil laging may expectation sa mga LGBT, kailangan may patunayan para matanggap ng lipunan.

Dagdag pa ni Gerald na nakikita niya na ang pagiging bakla rin ay rason kung bakit hindi pinapakinggan ang mga bakla sa panahon ng disaster, sinasabi niya na

> Parang tingin kasi nila na kapag LGBT walang magagawa ‘eh. Akala nila wala tayong alam na parang bang baby na dapat alagaan. Kaya ng mga bakla na maging part ng response, hindi naman nag-cause ang pagiging gay sa pagkakaroon ng malalang sakuna.

## Intersectional Approach: Tungo sa Malalim na Pag-unawa ng Karanasang Napag-iiwanan ng mga Bakla sa Disaster

Makikita sa mga tsika ng mga bakla sa Aroma ang iba’t ibang karanasang napag-iiwanan sila sa bawat yugto ng pangangasiwa ng disaster. Ang kanilang kwento at danas ay buhay na ebidensya na ang mga bakla sa panahon ng disaster ay nanatiling imbisibol at higit na nakakaranas ng negatibong epekto ng sakuna. Kahit na itinuturing na ang Pilipinas ay isang bansa na mapagtanggap sa mga bakla, ayon kay Garcia (2008), nanatili pa ring walang batas na kumikilala sa karapatan at nagbibigay proteksyon sa kanila at patuloy pa rin na isinasantabi ang kanilang espisipikong pangangailangan. Nanatili rin ang mababa, mahina, at masamang pagtingin sa bakla na nagreresulta sa patuloy na paghihirap nila sa panahon ng disaster at sa pang araw-araw nilang buhay (Botocabe, 2011). Sa pagpapatuloy ng ganitong pagturing at pagtingin sa mga Pilipinong bakla mananatili silang bulnerable at makakaranas ng mapaminsalang epekto ng sakuna (Gorman-Murray et al., 2016). Ang karanasan ng mga bakla sa panahon ng disaster ay hindi lang dahil sa kaapihan na nakadikit sa kanilang kasarian at sekswalidad bagkus ang karanasang ito ay pinapalala pa ng maraming klase ng kaapihan

(Dominey-Howes et al., 2018). Binabanggit sa pag-aaral ni Jayakumar (2017) na ang mga kaapihang nararanasan ng mga indibidwal tulad ng mga bakla ay nagpapatong-patong at nagbabagan na siyang ugat ng patuloy nilang paghihirap. Ilalahad sa seksyong ito ang kaapihang naranasan ng mga bakla sa Aroma sa panahon ng disaster batay sa kanilang identidad, uri at sosyo-ekonomikal na sitwasyon.

***Identidad***

Malaki ang nagiging papel ng identidad ng isang tao sa kung paano siya mabubuhay sa lipunan. Ayon kay Garcia (2008), ang mga bakla ay patuloy na tinitignan na mababa at hindi pinapakinggan dahil lamang sa kanilang identidad. Nanatili rin na hindi kinikilala ang mga bakla at nanatiling imbisibol sa lipunang Pilipino dahil hindi sila pasok sa cis-heteronormatibong kategorya ng kasarian at sekswalidad (Aban & Sy, 2022). Ang ganitong pagtingin ay nagdudulot ng paglala ng diskriminasyon at stigma na siya ring ugat ng pagka-iwan ng mga bakla sa panahon ng disaster. Sa mga tsika ni Dyoza, sinasabi niya na mayroon pa rin siyang diskriminasyon na nararanasan tulad ng kanyang karanasan sa pagresponde sa nangyaring sunog sa kanila. Nais niya sanang tumulong sa pagpatay ng sunog ngunit hindi siya isinama ng mga kalalakihan dahil nga ang tingin sa kanya ay mahina. Dagdag pa niya na kahit parehas na mayroong kaapihang nararanasan ang mga babae at mga bakla, iba pa rin ang karanasan ng bakla dahil ang mga babae ay may respeto at pagkilala at sa bakla naman ay walang pagkilala at respeto. Higit sa lahat, mayroong pagtingin na bilang isang bakla, pinipili mo na maging mahina.

> Tuloy-tuloy ang discrimination. Ang feeling kasi ng tao kapag bakla ay mahina, doon lang sa isang tabi hindi kaya na magbuhat ng balde at mga kalalakihan lang ang mag-iinitiate ng ganyan…Ang mga babae kasi ay tanggap na at nirerespeto sila kahit ang

> tingin sa kanila ay mahina. Sa mga bakla kasi ini-implicate ng mga tao na mahina ka by choice kasi bakla ka nga.

Sinasabi naman nila Mcsherry et al. (2015) na sa bagyong Yolanda nakaranas ng dobleng kaapihan ang mga bakla dahil sa kanilang identidad. Sila ay hindi nakatanggap ng ayuda dahil nga wala silang dokumento na susuporta sa kanilang pagkilala sa kanilang sarili, kung mayroon namang dokumento mabibigyan sila ng ayuda ngunit kasabay nito ay negatibong pagtrato sa kanila dahil sa kanilang identidad.

Maliban sa mahina at ibang pagtingin sa mga bakla mayroon ding maling pananaw sa kanila tulad ng sa paggamit ng mga palikuran sa mga evacuation center. Lumabas sa tsika ni Gerald at Dyoza na hanggang sa kasalukuyan, nanatili pa rin ang stereotypes sa mga bakla na kapag bakla ka, hindi ka pwedeng sumabay sa mga lalaki o babae dahil iniisip nila na sisilipan at babastusin sila. Nanatili ring nakadikit sa identidad ng mga bakla na kailangan laging patunayan ang sarili para matanggap ng lipunan, iba pa ang pagtingin na sila ay mapera o *breadwinners*. Ayon kay Gerald, dahil sa ganitong pananaw hindi na napapansin na may pangangailangan din ang mga bakla lalo na sa panahon ng disaster, at ang ganitong pananaw ay nagreresulta ng hindi pagbibigay ng ayuda sa mga bakla.

> Sa lipunan natin ang tingin kasi sa mga bakla ay likas na madiskarte. Dito sa amin, breadwinners ang tingin sa mga bakla kasi sa sitwasyon namin na ito, hindi ka pwedeng paupo-upo lang, kailangan ay magsipag ka kasi kailangan may patunayan. Ayon ang expectation na binigay sayo ng komunidad na parang dahil part ka ng LGBT hindi pa rin nawawala yung pag-kwestiyon sa pagkatao mo kaya kailangan patunayan mo yung sarili mo. Kaya dahil tingin nila mapera ka, ‘di ka na nila bibigyan ng ayuda.

Lumalabas din na ang tradisyonal na pagtingin sa pamilya ang siyang nagiging dahilan rin ng pagka-iwan nila sa panahon ng disaster kadikit ng kanilang identidad. Sinasabi ni Elov na

"May concern ako about sa pagtingin ng family 'eh. Pakiramdam ko, ito pa rin ang dahilan kung bakit di kami naisasama sa mga ayuda." Dagdag niya na mahalaga ang pagkilala sa kasarian at sekswalidad para walang mapag-iwanan sa disaster. Ayon kay Elov, hindi lang dapat tinitignan na "Bakla ka lang, tomboy ka lang…Kasi nagugutom at nangangailangan din kami." Maliban sa epekto ng identidad sa disaster, ang negatibong epekto rin ng sakuna ay naging hadlang sa pagpapakita sa kung sino ka. Sa karanasan ni Hesus, natututo siyang magsuot ng mga damit ng panlalaki dahil lahat ng damit niya ay natupok ng sunog. "Nakasanayan ko na magsuot ng pambabae dahil doon ako komportable. Nitong nasunugan kami, natuto akong magsuot ng panlalaki…Alam ng mga kapitbahay ko rito kung paano ako manamit parang akala nila nasa fashion show ako lagi."

***Uri***

Sa matagal na panahon, maraming mga bakla ang patuloy na nakakaranas ng pananamantala at diskriminasyon. Sinasabi ni Madula (2016) na ang karanasan ng mga Pilipinong bakla ay nagmumula sa malakolonyal at malapyudal na sistema ng lipunang Pilipino na siyang nagreresulta sa makauring sistema ng lipunan na siyang nagdudulot ng mababang pagtingin sa mga bakla. Ang uri ay may malaking papel sa nagpapatuloy na tunggalian sa sekswalidad at kasarian sa Pilipinas (Ceperiano et al., 2016). Sa makauring sistema ng lipunan nanatili ang kaapihan at pagsasamantala sa mga homosekswal habang ang mga kinikilala lang ng mga sistemang panlipunan ay ang heterosekswal (Aban & Sy, 2022). Ang makauring sistema ng lipunang Pilipino ang siya ring nagdudulot ng negatibong epekto sa mga bakla sa panahon ng disaster at ng kanilang karanasang napag-iiwanan (Gorman-Murray et al., 2016). Sa pangangasiwa ng disaster nanatiling walang boses ang mga bakla. Ang tsika ni Gerald ay "Nanatiling 'di kami pinapakinggan dito. Parang tingin sa amin ay bata palang." Nabanggit naman ni Chinchin na "Iba ang karanasan ng mga LGBT pero parang wala naman silang pake, hindi kasi nila naiintindihan pero kapag lalaki at babae nirerespeto

nila." Tinitignan naman ni Dyoza na may magkakaibang epekto ang disaster depende kung anong uri ang kinabibilangan mo. Sa kanila na nakatira sa maralitang-pamayanan, mapaminsala na nga ang epekto ng disaster, hindi pa sila sinasama sa pagpaplano ng pangangasiwa ng disaster at hindi pa pinapakinggan 'yung boses nila.

> Hindi naman parehas ang effect sa mga bakla lalo na kapag nasa higher class. Kasi kapag nasa condo ka o subdivision, may trabaho ka, mabilis kang makakabangon at papakiggang ka pa. Kami, nahirapan kami dito sa Aroma, hindi pa pinapakinggan.

***Sosyo-ekonomikong Kalagayan***

Malaki ang epekto ng sosyo-ekonomikong kalagayan ng isang bakla sa karanasang napag-iiwanan at nagiging kahirapan nila sa panahon ng disaster. Ang kahirapang panlipunan at pang-ekonomiko ng Pilipinas ay nagpapahirap sa mamamayan nito, ano man ang kanilang kasarian at sekswalidad (Madula, 2016). Ang pagbubukod, kawalan ng oportunidad ng mga bakla kaysa sa mga lalaki at babae, at walang maayos na kabuhayan ang nagiging dahilan ng hindi pagkamit ng kanilang pangangailangan at patuloy na pagiging bulnerable sa panahon ng disaster (Aban & Sy, 2022). Ayon kay Haskell (2014), bago pa dumating noon ang bagyong Katrina, bulnerable na ang mga bakla. Ito ay dahil sa kawalan ng mga polisiya na kumikilala sa sektor na nagdudulot ng patuloy nilang paghihirap. Dagdag pa niya na mahalagang maayos ang sosyo-ekonomikong kalagayan ng mga bakla dahil ito ay may malaking papel sa pagharap at pagbangon nila kapag nagkakaroon ng disaster (Haskell, 2014).

Lumalabas sa mga tsika ng mga bakla na mahalaga ang pagkakaroon ng trabaho at kabuhayan dahil ito ay nakakatulong sa kanilang pagharap sa negatibong epekto ng disaster. Na-tsika ni Chinchin na "Karamihan ng bakla dito walang trabaho kaya naghihirap kami kapag may sunog." Sinasabi ni Gerald na "Dito kasi sa community kapag mahirap ka talagang

malala epekto ng sunog. ‘Yong ibang bakla kasi dito nag-work sa labas, yung iba sa mall o call center. Kaya nung nagkasunog mabilis sila naka-recover kasi may ipon sila.” Dagdag pa niya na laging tinitignan ang mga bakla na nakakaangat-angat na sa buhay kaya hindi na sinasama sa kung ano mang tulong na ibibigay. Tulad ng mga naunang tsika ni Dyoza binabanggit niya ang malaking pagkakaiba ng nararanasan ng bakla depende sa antas o klase ng kanilang pamumuhay. Sinasabi ni niya na “Malaki epekto dito samin kasi wala na nga kaming trabaho, hindi pa maayos ang sitwasyon namin…Yung mga nasa subdivision andon na sa kanila lahat, nakakakain pa sila ng tama.” Dagdag pa niya na, “‘Yung mga bakla doon handa sila kapag nagkasunog tas ‘di naman sila babahain kasi maayos ang bahay nila.” Ipinapakita lang ng tsika ni Dyoza na kahit na pare-pareho ang identidad, nagkakaiba pa rin ang epekto sa mga bakla ng disaster dahil sa kanilang sosyo-ekonomikong kalagayan.

Maliban sa mga kaapihan ng mga bakla na mula sa identidad, uri, at sa kanilang sosyo-ekonomikong kalagayan, lumabas rin sa mga tsika ng mga bakla sa Aroma na may papel rin ang edad, kalusugan, at ang lokasyon kung saan sila naninirahan sa karanasang napag-iiwanan sa sakuna. Sa tsika ni Hesus na isang senior citizen, sinasabi niya na nakaranas siya ng kahirapan sa paglikas nung nangyaring sunog dahil sa kanyang edad at problema sa kalusugan. Maliban dito, dahil sa walang trabaho o kabuhayan dahil rin sa kanyang edad nahirapan siyang bumangon pagkatapos ng mga disaster.

> Nung nasunugan kami rito buti nalang pumunta yung apo ko, nahirapan ako maglakad dahil sa edad ko tapos may sakit pa ako…Wala rin akong trabaho kasi tinanggal ako ng barangay bigla-bigla. Hindi ko tuloy alam saan ako kukuha ng pera pambili ng foods at pampanggawa ng bahay ko.

Tulad ng nasabi ni Dyoza ukol sa kung saan nakatira ang mga bakla, na-tsika ni Elov na mayroong magkakaibang karanasan ang mga bakla sa disaster kung saan ito nakatira. Ayon

sa kanya, "Mahirap dito samin pero 'di ko alam sa ibang bakla, nakakaranas kasi ng iba-iba kung saan nakatira ang tao. Kaya depende 'yan eh."

**Pigyur 2**

*Modified na analitikal na balangkas base sa mga tsikang kabaklaan sa disaster ng mga bakla sa Aroma*




## Konklusyon: Tsikang Kabaklaan sa Disaster Tungo sa Inklusibong Pangangasiwa ng Disaster

Ang mga tsika ng mga bakla sa Aroma ay nagpapatunay na ang disaster ay hindi maituturing na "great equalizer." Makikita sa kanilang mga tsika na mayroong espisipikong karanasan at pangangailangan ang mga bakla ngunit lagi itong naisasantabi sa mga polisiya at programa sa pangangasiwa ng disaster (Larkin, 2019). Kahit na ang Pilipinas ay isang bansang mapagtanggap sa mga bakla, nanatili pa rin silang imbisibol at napag-iiwanan lalo na sa panahon ng disaster (McSherry et al., 2014). Lumalabas sa mga tsika ng mga bakla sa

Aroma na ang kanilang karanasang napag-iiwanan sa disaster ay mula sa mga kaapihang kanilang nararanasan sa pang araw-araw tulad ng mga kaapihang nakadikit sa kanilang identidad, uri, sosyo-ekonomikong kalagayan, edad, at sa lugar kung nasaan sila. Ang mga kaapihang ito ay nagpapatong-patong o nagsasama-sama na nagreresulta ng pagpapatuloy ng kanilang bulnerabilidad, kahirapan, at pagka-iwan sa panahon at pangangasiwa ng disaster (Gorman-Murray et al., 2016; hooks, 1984). Kung kaya upang mas lalong maintindihan ang kanilang karanasan sa disaster at makapaglikha ng isang inklusibong pamamaraan ng pangangasiwa, kinakailangan ang paggamit ng intersectional analysis. Ang pamamaraang ito ay makakatulong upang higit na maintindihan ang kuwento at bulnerabilidad na mayroon ang mga bakla sa panahon ng disaster na makakatulong sa pag-intindi ng kanilang espesipikong karanasan at pangangailangan na magagamit sa paglikha ng isang inklusibong pamamaraan sa pangangasiwa sa disaster na nasasaklaw lahat, ano pa man ang kasarian ng mga tao at higit sa lahat ay walang mapag-iiwanan (Jean et al., 2023). Mahalaga ang pagsama sa kuwento at danas ng mga bakla upang maiwasan ang diskriminasyon at ang kanilang karanasang napag-iiwanan sa disaster (Reid & Ritholtz, 2020). Ang pagkilala sa kanilang karapatan, tinig, at danas ay magsisilbing daan upang makamit ang isang lipunan na inklusibo, pantay, walang napag-iiwanan, at tuluyang paglaya sa isang patriyarkal, macho-pyudal, mala-kolonyal, at mala-pyudal na sistema ng lipunan (Garcia, 2008; Madula, 2016).

**Sanggunian**

Aban, A. & Sy, J.M. (2022). Queering Solidarity: Civil Society at the Fringes of ASEAN Regionalism and Alternatives for the LGBTQ+. *Philippine Journal of Public Policy: Interdisciplinary Development Perspectives.*

Abad, M. (2022). *LGBTQ+ not asking for 'special rights' with SOGIE bill – expert*. Rappler. https://www.rappler.com/nation/lgbtq-not-asking-special-rights-sogie-bill-expert/

ALNAP. (2010). *Primer on the Disaster Risk Reduction Management (DRRM) Act of 2010.* Disaster Risk Reduction Network Philippines. https://www.alnap.org/help-library/primer-on-the-disaster-risk-reduction-and-managment-drrm-act-of-2010

American Psychological Association. (n.d.). *Social class.* APA dictionary of psychology. https://dictionary.apa.org/social-class

American Psychological Association. (n.d.). *Socioeconomic status.* APA dictionary of psychology. https://dictionary.apa.org/socioeconomic-status

Amnesty International UK. (2021). *Philippines country most at risk from climate crisis.* https://www.amnesty.org.uk/philippines-country-most-risk-climate-crisis

Andrew, E. (1975). Marx's Theory of Classes: Science and Ideology. *Canadian Journal of Political Science,* 8 (3), pp. 454-466. https://www.jstor.org/stable/3231070

Asia Pacific Forum on Women, Law and Development. (n.d.). *Rehabilitation not reclamation! Women struggle for Adequate Housing in Aroma community.* https://apwld.org/wp-content/uploads/2022/11/WITCH_FPAR_Philippines.pdf

Asian Disaster Reduction Center (ADRC). (n.d.). *Information on Disaster Risk Reduction of the Member Countries.*

https://www.adrc.asia/nationinformation.php?NationCode=608&Lang=en#:~:text=Overview%20of%20Disasters,frequent%20earthquakes%20and%20volcanic%20eruptions.

Ariyabandu, M. & Miranda, R. (2021). *Gender Responsive Disaster Risk Management Status Review and Recommendations for Implementing the Sendai Framework for DRR in the Asia Pacific.* Asian Disaster Preparedness Centre. https://www.preventionweb.net/publication/gender-responsive-disaster-risk-management- status-review-and-recommendations

Balgos, B., Gaillard, J., Sanz, K. (2012). The warias of Indonesia in disaster risk reduction: the case of the 2010 Mt Merapi eruption in Indonesia. *Gender & Development*, 20:2, 337-348, DOI: 10.1080/13552074.2012.687218

Blanchard, K. (2021). *LGBTQIA+ People and Disaster; A need for a policy for policy guidance.* Prevention Web. https://www.preventionweb.net/blog/lgbtqia-people-and-disasters-need-policy-guidance

Botocabe, J. (2011). *When the "Bakla" and the "AJ" Fight Back: Looking at How Collective Identity of the Gay and Lesbian Social Movement in the Philippines and Singapore*. National University of Singapore.

Castro, M. T. (2019). *Strengthening Capacities Towards a Resilient Future: The case of Sexual and Gender Minorities in Tacloban City, Philippines after the 2013 Typhoon Haiyan.* Te Herenga Waka-Victoria University of Wellington Thesis. https://doi.org/10.26686/wgtn.17142425.v1

Ceperiano, A. M., Santos Jr, E. C., Alonzo, D. C. P. & Ofreneo, M. A. P. (2016). Girl, bi, bakla, tomboy": The intersectionality of sexuality, gender, and class in urban poor contexts. *Philippine Journal of Psychology,* 49(2), 5-34.

Chan, H. (n.d.). *Queer Mythology in the Philippines*. Making Queer History. https://www.makingqueerhistory.com/articles/2018/12/19/queer-mythology-in-the-philippines

Crenshaw, K. (1989). Demarginalizing the Intersection of Race and Sex: A Black Feminist Critique of Antidiscrimination Doctrine, Feminist Theory and Antiracist Politics. *University of Chicago Legal Forum*, 1, 8. https://chicagounbound.uchicago.edu/uclf/vol1989/iss1/8

Creswell, J. (2013). *Qualitative inquiry and research design: choosing among five approaches* (3rd Ed). SAGE Publications

Cuadra, J. (2023). Marites Culture in the Philippines: An Emergent Online Gossip Phenomenon. *Journal of Studies in Social Sciences*, 22, 18.

Dominey-Howes, D., Gorman-Murray, A., & McKinnon, S. (2018). On the disaster experiences of sexual and gender (LGBTI) minorities: Insights to support inclusive disaster risk reduction policy and practice. *Australian Journal of Emergency Management*, 60-68.

Ferreira, A. (1992). Gossip as a Collaborative Communication Tool. In Kommers, P.A.M., Jonassen, D.H., Mayes, J.T., Ferreira, A. (Eds.) *Cognitive Tools for Learning*. NATO ASI Series, vol 81. Springer, Berlin, Heidelberg. https://doi.org/10.1007/978-3-642-77222-1_15

Fothergill, A., Peek, L. A. (2004). Poverty and Disasters in the United States: A Review of Recent Sociological Findings. *Natural Hazards,* 32, 89–110. https://doi.org/10.1023/B:NHAZ.0000026792.76181.d9

Galliard, J., Gorman-Murray, A., & Fordham, M. (2017). Sexual and gender minorities in disaster. *Gender, Place & Culture*, 24(1), 18-26. http://dx.doi.org/10.1080/0966369X.2016.126343

Garcia, J. N. (2008). *Philippine Gay Culture: Binabae to Bakla Silahis to MSM*. (2nd Ed.). The University of the Philippines Press

Goldsmith, L., Raditz, V. & Méndez, M. (2022). Queer and Present danger: Understanding the Disparate impacts of LGBTQ+ Communities. *Disasters*, 46(4), 946-973. https://doi.org/10.1111/disa.12509

Gorman-Murray, A., Morris, S., Keppel, J., McKinnon, S., & Dominey-Howes, D. (2016). Problems and possibilities on the margins: LGBT experiences in the 2011 Queensland floods. *Gender, Place & Culture*, 24(1), 37–51. https://doi.org/10.1080/0966369X.2015.1136806

Gutierrez, N. (2017). *LGBTQ activists: We are tolerated but not accepted in the Philippines.* Rappler. https://r3.rappler.com/nation/170091-lgbtq-rights-philippines-tolerated-not-accepted

Haskell, B. (2014). *Sexuality and Natural Disaster: Challenges of LGBT communities facing Hurricane Katrina*. http://dx.doi.org/10.2139/ssrn.2513650

hooks, b. (1984). *Feminist Theory: From Margin to Center*. Cambridge, MA: South End Press.

Jayakumar, K. (2017). *Understanding Intersectionality*. Medium. https://medium.com/the-red-elephant-foundation/understanding-intersectionality-a1da46e 2e0b2

Jean, C., Hall, T., & Vickery, J. (2023). Intersectionality as a Forward-Thinking Approach in Disaster Research. *Oxford Research Encylopedia of Natural Hazard Science.* https://doi.org/10.1093/acrefore/9780199389407.013.425

Jessop, B. (2012). Marxist Approaches to Power. In Amenta, E. Nash, K. Scott, A. (Eds.). *The Wiley-Blackwell Companion to Political Sociology*, pp. 1-14. Blackwell Publishing Ltd.

Kimuell-Gabriel, N. (2017). Ang Araling Kababaihan at Kasarian sa Araling Pilipino at Wikang Filipino: Kalagayan at Hinaharap. *Saliksik E-Journal*, 6(2).

Larkin, B. (2019). Pride and prejudice: LGBTIQ community responses to disaster events worldwide. *Australian Journal of Emergency Management*, 34(4), 60-66.

Leonio, J. (2019). *Can laws tackling gender inequality help to enhance disaster resilience in the Philippines?* Prevention Web. https://www.preventionweb.net/news/can-laws-tackling-gender-inequality-help-enhance-disaster-resilience-philippines

Macalandag, R. & Obenza, J. (2016). *Examining the (In)Visibility of Gender in Disaster Risk Reduction and Management Plans: Reclaiming a Sidelined Agenda.* https://www.researchgate.net/publication/318722419_Examining_the_InVisibility_of_Gender_in_Disaster_Risk_Reduction_and_Management_Plans_Reclaiming_a_Sidelined_Agenda

Madula, R. (2016). Kuwentong Buhay ng Isang Pambansa-Demokratikong Rebolusyonaryong Bakla sa Rehiyon ng Katimugang Mindanao. *Humanities Diliman*, 13:2, 27-48. https://journals.upd.edu.ph/index.php/humanitiesdiliman/article/view/5160/4637

Malo, M. & Zrinski, U. (2022). *When hurricanes strike with calamity & inequality, it is time to apply the great equalizer.* Gender Responsive Procurement. https://blogs.worldbank.org/governance/when-hurricanes-strike-calamity-inequality-it-ti me-apply-great-equalizer-gender

McSherry, A., Manalastas, E., Gaillard J. C. & Dalisay, S. (2014). From Deviant to Bakla, Strong to Stronger: Mainstreaming Sexual and Gender Minorities into Disaster Risk Reduction in the Philippines. *Forum for Development Studies*, 42:1, 27-40, DOI: 10.1080/08039410.2014.952330

Pamittan, G., Amado, C., Amante, V. & Demeterio, F. (2017). Kaloka, Keri, Bongga: Pakahulugan at Pahiwatig ng Gay Language sa mga Piling Pelikula ni Vice Ganda. *Plaridel*, 14:1, 95-124. https://www.plarideljournal.org/wp-content/uploads/2017/06/2017-01-Demeterio.pdf

Philippine Daily Inquirer. (2013). *Long road ahead for typhoon-hit businesses*. https://newsinfo.inquirer.net/528839/long-road-ahead-for-typhoon-hit-philippine-businesses-focu

Reid, G., & Ritholtz, S. (2020). A Queer Approach to Understanding LGBT Vulnerability during the COVID-19 Pandemic. *Politics & Gender*, 16(4), 1101–1109. doi:10.1017/s1743923x20000707

Relief Web. (2020). *Gender and Disaster*. https://reliefweb.int/report/world/gender-and-disasters-part-i

Ritholtz, S. (2020). *LGBTQ+ people left out by exclusionary COVID-19 aid practices.* The New Humanitarian. https://www.thenewhumanitarian.org/news-feature/2020/06/24/LGBTQ-gender-coronavirus-discrimination-aid

Romero, E. (2022). *Queer Communities Often Left Out of Disaster Planning, Research Shows.* PBS. https://www.kqed.org/science/1978439/queer-communities-often-left-out-of-disaster-planning-research-shows

San Juan, R. (2020). *Around 500 families affected by Tondo fire*. Philstar. https://www.philstar.com/headlines/2020/04/18/2008143/around-500-families-affected-tondo-fire#:~:text=Manila%20residents%20are%20dwarfed%20by,18%2C%202020.

Santos, E. (2022). *Why climate justice is queer justice.* Rappler. https://www.rappler.com/voices/ispeak/opinion-why-climate-justice-is-queer-justice/

Silverio, R. (2020). *LGBTQ+ people left behind after the storm.* Rappler. https://www.rappler.com/voices/ispeak/opinion-lgbtq-people-left-behind-after-storm/

Suing, N. B., Gorospe, J. R., Labto, L. M., Pinca, J. D. & Tomas, R. (2024). The Psychology of Tsismis: A Phenomenological Study About Housewives' Gossip Engagement. *Journal of Interdisciplinary Perspectives*, 2(5), 38-46. https://doi.org/10.5281/zenodo.10886357

United Nations Office for Disaster Risk Reduction (UNDRR). (n.d.). *Disaster.* https://www.undrr.org/terminology/disaster

UNISDR, UNDP & IUCN. (2009). *Making Disaster Risk Reduction Gender-Sensitive: Policy and Practical Guidelines*. https://www.undp.org/publications/making-disaster-risk-reduction-gender-sensitive-polic y-and-practical-guidelines

Yarcia, L. E., dela Vela, T .C., & Tan, M. L. (2019). Queer Identity and Gender-Related Rights in Post-Colonial Philippine. *Australian Journal of Asian Law*, 20(1), 265-275.

Zasso, C. (2018). *A Walk in the Tondo Slums*. Samaritan's Purse. https://www.samaritanspurse.org/article/a-walk-in-the-tondo-slums/